



# DSWD Sec. Corazon 'Dinky' Juliano-Soliman pinangunahan ang *Planning Workshop for the Convergence of DSWD Services*

Si Kalihim Corazon 'Dinky' Juliano-Soliman ng *Department of Social Welfare and Development* (*DSWD*) ay dumating sa lalawigan noong Marso 29, 2011 bilang pangunahing panauhin at tagapagsalita sa 1-araw na *Planning Workshop for the Convergence of DSWD Services* na idinaos sa Jocelle's Garden, Daet.

Naging panauhin din ang kalihim sa 'Aprub Ka EGAY! Serbisyo Publikong Tunay *Provincial Multi-Services Caravan* sa bayan ng Mercedes na itinaguyod ng Pamahalaang Panlalawigan sa pangunguna nina Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado at ng *Project Director* nitong si Atty. Sim O. Mata, Jr. Nakipagpulong din ang butihing Kalihim sa mga benepisyaryo ng Pantawid Pamilyang Pilipino *Program (4Ps)* sa naturang bayan.

Samantala, sa naturang *planning workshop*, ipinahayag ni *Sec.* Soliman na susog sa sinabi ni PNoy na "Kayo ang boss ko", ang mga opisyal ng *DSWD* ay bumibisita sa iba't-ibang lalawigan sa buong bansa upang tugunan ang pangangailangan ng mga mamamayan lalo na ang mga mahihirap na komunidad.

Inilahad ng kalihim na ang Camarines Norte ay isa sa 47 probinsya sa bansa na kabilang sa mga *convergence areas* na mabebenepisyuhan ng *three corners* o tatlong sulok *program* ng *DSWD*. Sa ilalim ng programa, ang mga bene pisyaryo ng 4Ps sa mga taong 2008-2009 ay bibigyan ng pautang na P5,000.00-10,000.00 para gamitin nila sa *small-medium enterprise (SME)* bilang pangkabuhayan. Ang pautang ay walang interes at babayaran nila sa loob ng 2 taon.

*(Sundan sa pahina 4)*

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

**Bantayog**

Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 1, BLG. 11 DAET, CAMARINES NORTE MARSO 2011
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com



Gob. Edgardo A. Tallado

**nasa loob**

EDITORYAL 4
TRAVELLER'S BLOG 5

# DSWD Sec. Soliman panauhin sa Multi-Services Caravan sa Mercedes

Naging panauhing pandangal at tagapagsalita si *Secretary* Corazon 'Dinky' Juliano-Soliman ng *Department of Social Welfare and Development (DSWD)* sa *'Aprub Ka Egay, Serbisyo Publikong Tunay Provincial Multi-Services Caravan* na isinagawa noong Marso 29, 2011. sa Bulwagan Pambayan ng Mercedes. Ito ay bilang pagpapaunlak ng kalihim sa nauna nang imbitasyon sa kanya ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado para bumisita rito sa Lalawigan ng Camarines Norte.

Maliban sa pakikiisa sa naturang *caravan*, naki-

*(Sundan sa pahina 2)*






***Nagbigay ng kani-kanilang mensahe sina DSWD Sec. Dinky J. Soliman at Gob. Egay A. Tallado sa "Aprub ka Egay, Serbisyo Publikong Tunay Provincial Multi-Services Caravan" sa bayan ng Mercedes. Nakiisa rin sa okasyon sina Bise-Gob. Jonah Pimentel, mga miyembro ng Sangguniang Panlalawigan, mga hepe ng iba't-ibang tanggapan ng kapitolyo, si Mayor Alex Lo-Pajarillo at ang kanyang mga kasamahan.***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# Ret. Gen. Tanigue panauhin sa Women's Month Celebration

Ang ating kababayan mula sa bayan ng Labo na si Dr. Yolanda G. Tanigue, *RSW* ang naging panauhing pandangal at tagapagsalita sa *kick-off activity/ opening program* ng *Women's Month Celebration 2011*, at ang programa para sa paglulunsad ng *Public Awareness on the Management of Women and Children Victims of Abuse* na ginanap nong Marso 12, 2011 sa *Little Theater, Provincial Capitol,* Daet. Binigyang-diin dito ang tema ng pandaigdigang selebrasyon ng *Women's Month* ngayong taon na: *Magna Carta of Women, Philippine CEDAW: In support of the Millennium Development Goals (MDGs)"*.

Ang nasabing gawain ay itinaguyod ng Pamahalaang Panlalawigan at ng *Camarines Norte Provincial Police Office (CNPPO)* sa pakikipagtulungan ng *International Social Service (ISS)* kung saan si *Ret. Gen.* Tanigue ay nakatalagang *assistant secretary/ board of trustee* nito. Ito ay bilang pakikiisa sa pambansang pagsusulong ng pagkakapantay-pantay ng mga kasarian at mabigyang-kapangyarihan ang mga kababaihan.

Ang unang bahagi nito ay ang *fun run* at *motorcade* simula *Bagasbas Beach* hanggang sa *Freedom Park* na naghudyat sa pagsisimula ng nabanggit na 1-buwang pagdiriwang. Sinundan ito ng isang programa kung saan nagbigay ng pagtanggap na pananalita si *PINSP* Ana Rose A. Domingo, *CNPPO Admin. Officer* na siya ring nagpakilala sa mga nakilahok sa gawain. Ibinigay naman ni *PINSP* Arcelia O. Bas, *WCPD Officer* ang *rationale/ overview of the activity.*

Naging panauhin din dito ang maybahay ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado na si Gng. Josie Baning-Tallado na siyang pormal na nagpakilala kay Dr. Tanigue bilang pangunahing panauin sa okasyon. Hawak ni Dr. Tanigue ang karangalan bilang kauna-unahang babae na naluklok bilang heneral sa hanay ng pulisya. Sa bahagi ng *Launching of Public Awareness on the Management of Women and Children Victims of Abuse*, ang paksang *Sexual and Gender-Based Violence (SGBV)* ay tinalakay ni *Dr.* Tanigue sa pamamagitan ng isang *powerpoint presentation.*

Una rito, pinangunahan ni *Fiscal* Annalie T. Velarde, *1st Asst. Provincial Prosecutor* ang pagrepaso sa mga pinakamahahalagang probisyon ng RA 7610 ó ang ***Anti-Child Abuse Law***; ang *RA 9262* ó ang *Anti-Violence Against Women and their Children Act*; ang *RA 8353* ó ang *"Anti-Rape Law of 1997"*; ang *RA 9344* ó ang *Comprehensive Juvenile Justice and Welfare Act*; ang RA 9208 ó ang *"Anti-Trafficking in Persons Act*, at ang RA 9775 ó ang *"Anti-Child Pornography Act"*. Ang mga importanteng usapin patungkol sa *arrest techniques* at batayang nakapaloob sa *citizen's arrest* ay ibinahagi naman ni *Fiscal* Cornelio M. Roll, *3rd Asst. Provincial Prosecutor* dito.

Isinagawa rin sa nasabing okasyon ang palihan *(workshop)* ukol sa mga balaking mga gawain na kailangang gampanan ng bawat kinauukulang sektor na katuwang sa kampanya upang wakasan ang ***SGBV***. Naging tagapagpadaloy ng gawain si Gng. Purita P. Briñas, CAO IV ng *Community Affairs Office – Office of the Governor*.

Ipinahayag naman ng iba't-ibang sektor ang kanilang suporta sa kampanya kontra ***SGBV*** sa pamamagitan ng paglagda nila sa isang kasunduan *(covenant signing)*. Nagtapos ang 1-araw na aktibidad sa pamamagitan ng pagpapalipad ng mga lobo na sumisimbolo sa pagnanais ng lahat na makalaya at/o maging malaya ang mga kababaihan mula sa iba't-ibang uri ng karahasan at pang-aabuso.

Samantala, sa pamumuno ni Mayor Dindo V. Pardo ay ipinagdiwang din ng Pamahalaang Bayan ng Labo ang *Women's Month Celebration*. Ang *launching program* nito ay idinaos nila sa unang araw ng Marso 2011 sa *Labo Sports Plaza*. Ito ay isinagawa sa pamamagitan ng isang parada at angkop na programa na pinamahalaan ng Pamahalaang Lokal ng Labo at ng *Local Council of Women* nito sa pamumuno ng Unang Ginang dito na si Luisita V. Pardo na pangulo ng samahan. Dinaluhan ito ng humigit-kumulang 1,000 katao na miyembro ng iba't-ibang samahan ng mga kababaihan sa Labo. Naging panauhing tagapagsalita rito si Gng. Purita P. Briñas, *Community Affairs Officer IV* ng *Community Affairs Office-Office of the Governor*, na tinalakay ang tema ng naturang pandaigdigang pagdiriwang. *LT IBASCO*




# Sec. Corazon 'Dinky' Juliano-Soliman...

*(Mula sa pahina 1)*

pagdiyalogo rin ang kalihim sa mga benepisyaryo ng Pantawid Pamilyang Pilipino *Program (4Ps)* na mula sa mga barangay ng Mercedes.

Samantala, naging pangunahing benepisyaryo sa naturang *caravan* ang mga mahihirap na mga residente mula sa Barangay I-VII, San Roque at del Rosario sa Mercedes.

Katulad ng dati, pinamunuan muli ni Gob. Tallado ang *multi-services caravan* kasama ang *project director* nito na si *Atty.* Sim O. Mata, Jr. Nakiisa sa okasyon sina Mercedes Mayor Alexander Lo-Pajarillo at ilag opisyal ng pamahalaang bayan ng Mercedes. Dumalo rin dito sina Bise Gob. Jonah G. Pimentel, SP Engr. Gerardo G. Quiñones, SPM Rodolfo V. Gache at ibang opisyal ng pamahalaang panlalawigan.

Ang gupo ni Gob. Tallado ay naghatid sa mga mamamayan ng Mercedes ng mga serbisyong medikal, dental at nutrisyon; tulong-teknikal para sa gawaing pansakahan, pampangisdaan at pangkalikasan, at libreng bakuna laban sa rabis. Nagdaos din ng konsultasyon ukol sa mga pampublikong imprastraktura; oryentasyon ukol sa: *college education assistance program*, mga bagong batas para sa mga kabataan at kababaihan, Katarungang Pambarangay, at programang pangkabataan at hanapbuhay. Nagbigay rin sila ng libreng gupit/*hot oil*/*hair dye*; tulong-teknikal sa pagbalangkas ng *barangay development planning*, at pag-isyu ng libreng kopya ng *updated tax declaration and assessment rolls of* barangay. Nagbigay naman dito ng libreng payong ligal *(legal advice)* si *Provincial Legal Officer Atty.* Mata.

Matatandaan na sa pinakahuling *caravan* sa Jose Panganiban na idinaos sa Brgy. Bagongbayan noong Marso 25, pinangunahan ng maybahay ng gobernador na si Gng. Josie B. Tallado ang pamimigay ng mga libreng tsinelas at 8 *wheelchairs* maliban pa sa personal na pagtulong nito sa pagbibigay ng libreng gupit, *hot oil* at pagtina *(hair dye)* sa mga naging benepisyaryo roon ng *caravan*. ***LT IBASCO***

# FNRI-DOST Media forum on food and nutrition ginanap sa lalawigan

Ang mga *local media* at *information officers* ay dumalo sa isang *Media Forum* na idinaos noong Marso 30 sa ganap na ika-1:00 n.h. sa Villa Eusebia *Restaurant*, Labo, Camarines Norte.

Ito ay itinaguyod ng *Food and Nutrition Research Institute-Department of Science and Technology (FNRI-DOST)* sa pakikipagtulungan sa *Philippine Council for Agriculture, Forestry and Natural Resources Research and Development* at Pamahalaang Bayan ng Labo sa pamamagitan ng *Office of the Municipal Agriculturist (OMA)*.

Matatandaan din na aktibong sinusuportahan ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado ang mga kahalintulad na inisyatibo sa hangarin nitong malabanan ang paglaganap ng malnutrisyon sa lalawigan at maisulong ang isang malusog, produktibo at maunlad na Lalawigan ng Camarines Norte.

Ang naturang *media forum* ay isa sa mga istratehiyang ginamit ng pamahalaan para maipaabot sa mga *local media* at *information officers* ang mga angkop na kaalaman at impormasyon ukol sa *breastfeeding* (pagpapasuso); *complementary feeding*, *vegetable intake* (pagkain ng gulay) at malusog na paraan ng pamumuhay *(healthy lifestyle)*.

Tinalakay rin sa *forum* ang mga bagong produkto at teknolohiya ng *FNRI-DOST* na maaaring magamit para sa kalakalan. Ang ilang dumalo sa naturang *media forum* ay nagbahagi rin ng kani-kanilang naging karanasan sa pagpapalaganap ng mga angkop na impormasyon ukol sa kahalagahan ng wastong pagkain at nutrisyon.

Samantala, ibinigay naman ni Dr. Zenaida V. Narciso, *chief, TDSTSD, FNRI-DOST* ang *Overview of the Project: Empowering Stakeholders of the Accelerated Hunger Mitigation Program (AHMP) through Nutrition Communication and Technology Transfer* gayundin ang *FNRI Products and Services*. Inilahad naman ni Divorah V. Aguila, *SRS I, FNRI-DOST*, ang piling resulta ng *7th National Nutrition Survey (NNS)* gaya ng: *food consumption with focus on vegetable consumption* (konsumo sa pagkain na nakasentro sa pagkonsumo ng gulay); *breastfeeding* (pagpapasuso), at ang *lifestyle and related diseases* (uri ng pamumuhay at mga sakit na kaakibat). ***LT IBASCO***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# Assessment Workshop of LGU Plans, Programs & Legislations in support to the Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps)

Sa layuning masiguro ang matagumpay na implementasyon ng *Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps)* dito sa lalawigan ng Camarines Norte, ang *Assessment Workshop of LGU Plans, Programs and Legislations* ay isinagawa ng Pamahalaang Panlalawigan katuwang ng *United Nations Children's Fund (UNICEF)*. Naging pangkalahatang tagapangasiwa nito ang *Provincial Planning and Development Office (PPDO)* na pinamumunuan ni *Arch.* Madonna A. Abular, *provincial planning and devt. coordinator (PPDC).*

Ang nasabing aktibidad ay hinati sa dalawang *batches* kung saan ang para sa unang *batch* ay idinaos noong Pebrero 21-22 sa *Jocelle's Garden and Restaurant*. Ginanap naman noong Marso 1-2, 2011 sa *Audio Visual Room, 3rd Floor Provincial Capitol Building*, Daet, Camarines Norte ang ikalawang *batch* nito.

Isinagawa ang naturang assessment *workshop* upang matukoy kung nakatutugon ang mga *LGUs* sa kanilang mga tungkulin at responsibilidad sa ilalim ng prog -rama. Partikular na rito ang pagtulong nila sa mga kawani ng *Department of Social Welfare and Development (DSWD)* sa pagsasagawa ng mga *community assemblies* na bahagi ng *program process and procedures* para mapagtibay ang mga potensyal at pinal na mga benepisyaryo nito. Binigyang-diin din dito na hindi dapat magkaroon ng partisipasyon ang sinumang *local chief executive* o opisyal ng barangay sa proseso ng pagpili sa mga benepisyaryo ng *4Ps*.

Samantala, sa bahagi ng programang isinagawa bago ang *assessment workshop* ay inilahad ni *Arch.* Abular ang *overview* ng programa. Ipinaliwanag nito na sa *extension period* ng *Six Country Programme for Children (CPC)*, napili ng *UNICEF* na pondohan ang naturang *assessment workshop* upang matiyak na naibibigay ng mga *LGUs* ang mga kailangang serbisyo para sa mga *4Ps beneficiaries*.

Ipinaliwanag naman sa orientation na ang bawat benepisyaryo ay tatanggap ng P500.00 bawat buwan para sa kanilang *health and nutrition expenses* o P6,000.00 bawat taon, at P300.00 kada bata para sa kanilang *education expenses* sa loob ng 10 buwan o isang (1) taong paaralan *(school year)* na aabot sa P3,000.00 bawat taon. Binigyang-diin na hanggang tatlong bata lamang sa bawat pamilya ang pwedeng maging benepisyaryo o P900.00 kada buwan na *cash grants* ang tatanggapin nila para sa *education expenses* ng mga nag-aaral na bata na aabot sa P9,000.00 bawat taon.

Dahil dito, ang isang sambahayan na may 3 kwalipikadong anak ay tatanggap ng subsidiya na P1,400.00 kada buwan: P500.00 *health and nutrition expenses* at 900.00 *education expenses* sa loob ng 10 buwan o kabuuang P15,000.00 bawat taon. Sa kabuuan, makakukuha ng P15,000.00 bawat taon ang bawat pamilyang benepisyaryo na nakatutupad sa *conditionalities* ng 4Ps. Ang hindi nila pagtalima o pagsunod sa mga kundisyon ng programa ay mangangahulugan ng pagsuspende sa kanilang *cash grants* o kaya ay pag-alis sa kanila bilang benepisyaryo ng programa. Ang bawat sambahayang benepisyaryo ay makatatanggap ng *cash grants*, pinakamahaba na ang limang (5) taon.

Ang mga *conditionalities* na dapat sundin ng mga benepisyaryo ay ang mga sumusunod: 1) pagpapatsek-ap ng mga buntis na nanay sa mga *health centers* sa panahon ng kanilang pagbubuntis at pagkapanganak, at kailangang manganak sila sa pangangalaga ng isang *skilled/trained health professional;* 2) pagdalo ng mga magulang o tagapangalaga sa *responsible parenthood sessions, mother's classes*, at *parent effectiveness seminars;* 3) regular na pagpapabakuna at pagpapatsek-ap sa mga batang may edad 0-5 taong gulang para maiiwas sila sa pagkakasakit; 4) pagpasok sa *day care* o *pre-school classes* ng mga batang 3-5 taong gulang na nakadalo sa 85% sa panahon ng taong paaralan; at, pag-aaral sa elementarya o hayskul na may *attendance* na 85%. Ang mga benepisyaryo ay kailangan ding makibahagi sa mga gawaing pang-komunidad.

Base naman sa kasalukuyang ulat *(up-dates)*, natanggap na ng mga naunang benepisyaryo mula sa limang (5) bayan ng Basud, Capalonga, (500), Paracale (500), Sta. Elena (500) at San Lorenzo Ruiz ang kani-kanilang *cash grants* para sa taong 2010.

Ibinahagi rin ng isang *DSWD staff* ang magandang balita na 5 pang bayan ang idinagdag sa 4Ps na kinabibilangan ng Jose Panganiban, Labo, Mercedes, San Vicente at Vinzons.

Sa kabuuan, umabot na sa 24,692 ang bilang ng mga benepisyaryo mula sa 10 nabanggit na bayan na nahahati sa mga sumusunod: Basud -2,455; Capalonga - 2,564; Jose Panganiban - 2,686; Labo - 2,920; Mercedes - 3,631; Paracale - 2,714; San Lorenzo Ruiz -833; San Vicente - 511; Sta. Elena- 3,242, at Vinzons - 3,136.

Ang *4Ps* ay isang istratehiya upang mabawasan ang dinaranas na kahirapan ng mga mahihirap na pamilyang Pilipino sa pamamagitan ng pagbibigay ng *cash grants* sa mga pinakamahihirap na sambahayan para maiangat ang kanilang kalagayang pangkalusugan, pang-nutrisyon at pang-edukasyon lalo na ang mga kabataang may edad 0-14 taon. Ito ay isinusog sa matagumpay na *Conditional Cash Transfer (CCT) Programs* sa Latin America at Africa. ***MARILYN P. ASIS/lti***




***Nagbabahagi ng kanyang mga inputs si PSWDO Lorna de Claro sa planning workshop na ginanap ukol sa mga iba't-ibang serbisyo ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) kung saan naging panauhin at tagapagsalita si DSWD Sec. Dinky J. Soliman. Naroon din si Gob. Egay A. Tallado at mga SP members na sina Engr. Gerry Quiñones at Dr. Ruth F. Herrera.***

# 30 sa 52 aplikante sa trabaho, natanggap ng EPSON

Tatlumpu (30) sa ating mga kababayan na naghahanap ng trabaho ang natanggap ng *EPSON Precision Philippines, Inc.*, isa sa pinakamalaking kumpanya na gumagawa ng mga *electronic products* na nakabase sa Lipa City, Batangas. Ang mga natanggap na aplikante ay nakatakdang mag-*report* sa *EPSON*, Lipa City, Batangas sa Marso 28, 21011 para sa kanilang *medical examination.*

Isinagawa ng *EPSON* ang pangangalap ng mga manggagawa noong nakaraang Marso 11, 2011 sa pakikipagtulungan sa *Public Employment Service Office (PESO)* na nasa ilalim ng *Provincial Planning and Development Office (PPDO)* na pinamumunuan ni *Arch.* Madonna A. Abular, *PPD coordinator.*

Batay sa talaan ng *EPSON*, 50 ang nakapasa sa 52 aplikante na kumuha nang ibinigay nilang pagsusulit. Subalit matapos ang interbyu, 20 sa kanila ang hindi pinalad na matanggap ng kumpanya. Maraming mga manggagawa ang kinakailangan ng *EPSON* para sa kanilang *expansion operation* sa darating na Abril na umaabot sa 400 *production operators.* Subalit kaunti lamang ang mga aplikanteng dumating sa kabila nang malawakang *information dissemination* na isinagawa ng *PESO*.

Magugunita na ang makapagbigay ng trabaho sa ating mga kababayan ang isa sa mga prayoridad ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado na nakapaloob sa kanyang *Executive Agenda.* Sa kasalukuyan, unti-unti na itong naisasakatuparan ng gobernador sa pamamagitan ng patuloy na paghikayat at pakikipag-ugnayan sa mga kumpanya at ahensya na naghahanap ng mga manggagawa.

Bilang karagdagan, marami na sa ating mga kababayan ang nakapagtrabaho na sa ibang bansa lalo na sa hanay ng mga kababaihan. Karaniwan silang nakukuha bilang mga *domestic helpers* para sa mga bansang *Hongkong, Malaysia* at *Cyprus.* Ito ay ayon na rin sa ulat na isinumite ng dalawang (2) *overseas employment agencies* na nagsagawa ng isang *Special Recruitment Activity (SRA)* rito sa Camarines Norte noong Marso 10 at 15, 2011. ***NIDA N. TOSOC***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com




# E D I T O R Y A L

## Provincial Multi-services Caravan

*INILUNSAD noong ika-7 ngayong buwan ang isang programa ng pamahalaang panlalawigan sa pangunguna ni Gob. Egay Tallado ang tinaguriang provincial multi-services caravan. Sa pamamagitan nito, ang mga tauhan ng iba't ibang departamento ng kapitolyo ay sama-samang maghahatid ng kani-kanilang serbisyo sa loob ng isang araw upang mailapit ang kapitolyo sa malalayong barangay rito sa lalawigan. Batay sa plano, tuwing araw ng Biyernes ay dadayo sa isang bayan ang caravan upang maglingkod sa ating mga kababayan. Kabilang dito ay ang hatid na samu't saring serbisyo na handog naman ng Unang Ginang Josie B. Tallado bilang suporta sa magandang layunin ng gobernador.*

*Dito bibigyang katuparan ng gobernador ang kanyang mga priority projects na ilinahad at ipinangako sa lalawigan na nakapaloob sa 'acronym' na "Aprub ka, Egay! Serbisyo publikong tunay!" na nakasentro sa **K**abuhayan at turismo, **A**grikultura, **E**dukasyon, **G**amot at kalusugan, **A**gham at teknolohiya at **Y**amang pangkalikasan. Makakatatanggap ang mga mamamayan ng serbisyo medikal at dental; serbisyong pang-agrikultura; kaukulang lunas sa mga suliranin sa hayup tulad ng rabis; animal dispersal; scholarship program; mga pagsasanay at employment opportunities para sa mga OSYs, at marami pang iba.*

*Malaking programa ito na may kahirapang ipatupad ngunit ayon kay Gob. Egay ay pipiliting gawing matagumpay sa pakikiumisa na rin ng mga hepe ng lahat ng departamento sa kapitolyo probinsyal. Isa itong pagsubok sa husay ng kakayahan sa pamamahala ng gobernador gayundin sa kakayahang mamuno bilang punong ehekutibo ng probinsya.*

*Sa mga mamamayan, sana'y samantalahin nila ang bihirang pagkakataong ito upang mabatid ang mga serbisyong inihahatid sa kanila ng pamahalaan. Sana'y alamin din nila kung ano ang mga bagay na maaari nilang gawin upang maging bahagi ng isang matagumpay na pamayanan.*

*Sapagka't ipinakikita ni Gob. Egay ang taus-pusong paghahangad na makapaglingkuran sa kanyang mga kababayan, at pangalawa, dahil sa pakikipagtulungan na rin ng mga hepe ng mga lokal na tanggapan dito, inaasahang ang kanyang lantay na adhikain ay magiging matagumpay. Abangan na lang natin ito.*

## Sec Corazon 'Dinky' Juliano-Soliman...

*(Mula sa pahina 1)*

Sinabi rin ni *Sec.* Soliman na ipinatutupad ng kagawaran ang *Guaranteed Employment Scheme* sa pakikipag-ugnayan sa mga pamahalaang lokal at ahensya ng pamahalaang nasyonal upang makapagbigay ng oportunidad sa trabaho. Isinusulong din nila ang KALAHI-CIDDS para makapagpatayo ng mas maraming *day care centers*, silid-aralan, iba't-ibang pasilidad at matugunan ang iba pang pangangailangan ng mga barangay.

Idinagdag ng kalihim na magbibigay ang *DSWD* ng *complementary feeding* sa mga *day care centers* para sa mga kabataang may edad 3-5 taon. Sinusubaybayan din ng kaniyang kagawaran kung napakikinabangan ng mga nakatatanda na may edad 60 taon pataas ang kanilang karapatan at pribilehiyo sa ilalim ng *Expanded Senior Citizens Act of 2010 (RA 9994).* Ito ay ang mabigyan ng 20% diskwento sa pagbili ng mga gamot at pangunahing pagkain, serbisyong medikal at dental, transportasyon, pagpasok sa *hotel*, restawran, sinehan at ibang lugar panlibangan, at ang 5% diskwento sa bayarin sa elektrisidad at tubig.

Isiniwalat din ni Sec. Soliman na may 1.4 milyong mahihirap ang sakop ng 4Ps at target nila na sa pagtatapos ng taon ay maabot nila ang bilang na 2.3 milyon at















ang kabuuang 5 milyong mahihirap sa buong panahon ng programa. Sinabi rin ng kalihim na umabot na sa 74 na mga siyudad at 936 na mga muisipalidad sa buong bansa ang nasasakop ng 4Ps.

Bilang karagdagan, isinagawa rin sa naturang *planning workshop* ang *Presentations of Socio-Economic Profile (SEP) of Camarines Norte; Result of Assessment Workshop of Plans, Pro-*

*(Sundan sa pahina 7)*

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Edgardo A. Tallado, Chairman; Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator Jose G. Boma, Vice Chairman; PDIC-PIA, CAO IV Purita P. Briñas, Atty. Ludivina G. Francisco, Private Secretary/Tourism Officer Designate, DWCN-FM Stn. Manager Rikki Vito, and Museum Curator I Abel C. Icatlo , members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive editor; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Engr. Wilson V. Porcincula, art/design.

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***CIRCULATION*** - Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Melinda L. Jerez; ProVet-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte; PTO-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra; PEO -Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza; PPDO-Marilyn P. Asis; MASCD-G.O.- Aida B. Pandeagua; GSO-Gina B. Racelis, PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Q. Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-G.O.— Dario C. Dime; PCSSD-PGII Virgel T. Zantua; PAssO-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor; PLO-Donna A. Guevarra; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimene & Lilian Rafon; PSEMO-Arnel S. Ferrer, Ernesto R. Andaya.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahilingan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# 3 serye ng Multi-Services Caravan isinagawa sa mga barangay ng J. Panganiban



Pinangunahan nina Gob. Tallado at Bise Gob. Pimentel ang pamamahagi ng Tilapia fingerlings sa Larap, Jose Panganiban.



Pamamahagi ng Tree Seedlings sa Larap, Jose Panganiban



Si Atty. Sim O. Mata, Jr., Provincial Legal Officer at Caravan Project Director ay nagbibigay ng free legal advice sa isang taga-Plaridel, Jose Panganiban habang nakamasid si DILG Provincial Director Robin M. Mercado.

Pinangunahan ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado ang pulong na isinagawa kamakailan sa *BAC Office, Provincial Capitol* bilang paghahanda sa kauna-unahang 'Aprub ka Egay! Serbisyo Publikong Tunay' *Provincial Government Multi-Services Caravan* sa Brgy. Larap, Jose Panganiban. Dumalo rito ang mga hepe mula sa iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan.

Ito ay bilang pagpaplano sa ilang serye ng *caravan* para sa buwan ng Marso. Ang unang 3 serye nito ay inilaan para sa tatlong *clusters* ng iba't-ibang barangay sa bayan ng Jose Panganiban, at isa sa *clustered barangays* sa bayan ng Mercedes.

Sa nasabing miting, ipinakita kay Gob. Tallado ang isang *powerpoint presentation* na naglalaman ng mga prayoridad na programa ng kasalukuyang administrasyon gayundin ang iba't-ibang programa, proyekto at aktibidades *(PPAs)* na ipinatutupad ng bawat tanggapan ng pamahalaang panlalawigan susog sa bisyon/misyon *(vision/mission)* ng gobernador. Ito ay gagamitin din sa mga serye ng *caravans* sa iba't-ibang bayan ng lalawigan tuwing araw ng Biyernes sa panahon ng kanyang administrasyon para sa kaalaman at paglalapit ng serbisyo ng pamahalaang panlalawigan ng mga mamamayan, lalong higit sa mga malalayong barangay.

Kaugnay nito, idinaos noong Marso 11 sa *barangay hall* ng Brgy. Larap, Jose Panganiban ang unang serye ng *caravan* kung saan dumagsa ang humigit-kumulang na 1,200 katao. Ito ay pinangunahan nina Gob. Tallado, Bise Gob. Jonah G. Pimentel, ang *project director* ng *Provincial Multi-Services Caravan* na si *Provincial Legal Officer Atty.* Sim O. Mata Jr., at ilang opisyal ng pamahalaang panlalawigan.

Ang libreng tuli, *medical* at *dental mission* gayundin ang pamimigay ng mga libreng gamot at bitamina na hatid ng *Camarines Norte Provincial Hospital (CNPH)* ang pangunahing dinumog ng mga residente mula sa 12 barangay ng Jose Panganiban gaya ng: Barangay Dahican, Dayhagan, Larap, Nakalaya, Pag-asa, Salvacion, San Isidro, San Jose, San Pedro, Sta. Cruz, Sta. Elena, at Sta. Milagrosa. Pinagkaguluhan din ang libreng gupit at libreng tsinelas na inihandog ng maybahay ng gobernador na si Gng. Josie Tallado. Tumulong din ang huli sa pagbibigay ng libreng *hot oil* at pagtina sa buhok.

Sa pamumuno ni *OIC PA* Helen B. Abordo, ang *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)* ay namigay ng mga pantanim na butong-gulay, at semilya ng pili, guyabano, atis, langka, lukban, atbp.

Nagturo rin ang kanyang grupo ng proseso ng pagluluto ng *fish burger* at *fish lumpia* na pwedeng gawing alternatibong mapagkakakitaan. Isinagawa ito ng mga kawani ng *OPAg* na sina Bb. Lorna C. Bernal, Gng. Susan R. Cereno, Gng. Melinda L. Jerez at Gng. Irene J. Olivar. Nagbigay rin ng *technical assistance* ang *OPAg* sa mga magsasaka na humingi ng impormasyon ukol sa pagtatanim ng iba't-ibang uri ng pananim kasama na ang *soil analysis*.

Pinamunuan naman nina Gob. Tallado at Bise Gob. Pimentel ang distribusyon ng 2,000 *tilapia fingerlings* sa KAAGAPAY *Producers Cooperative* at 11 pang indibidwal mula sa mga barangay ng Larap, Nakalaya, San Isidro, San Pedro at Sta. Elena na una nang humiling nito sa Tanggapan ng Gobernador. Ang 2,000 *tilapia fingerlings* ay ipinagkaloob ng *Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR)* sa pamamagitan ni *OPAg Fisheries Division Chief* Edgardo Estanislao bilang tugon nito sa nauna nang kahilingan ni Gob. Tallado.

Ang pagbibigay sa mga Punong Barangay ng listahan ng pangalan ng mga nagmamay-ari ng mga lupain sa kanikanilang nasasakupang barangay ay pinangunahan din nina Gob. Tallado at Bise Gob. Pimentel kasama sina *Provincial Assessor* Annabel M. Defeo at *Asst. Provincial Assessor* Virgilio Tuazon ng *Provincial Assessor's Office (PAssO)* na nag-isyu ng libreng pansamantalang kopya ng *tax declaration* sa

(Sundan sa pahina 6)



Pagbibigay ng libreng gamot, bitamina at check-up sa mga benepisyaryo ng caravan sa Bagongbayan, Jose Panganiban.



Feeding Program sa Bagongbayan, Jose Panganiban



Namimigay si Unang Ginang Josie B. Tallado ng Libreng Tsinelas sa caravan na isinagawa sa Plaridel, Jose Panganiban.




Pamamahagi ng wheelchair sa Bagongbayan, Jose Panganiban



Pamamahagi ng mga semilyang butil ng mais sa Brgy. Bagongbayan, Jose Panganiban.

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# Special Program for the Employment of the Students 2011

Nagsagawa ang Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte ng pagpili ng mga kwalipikadong mag-aaral para maging *recipients* ng *Special Program for the Employment of the Students (SPES)* ngayong 2011.

Patuloy na itinataguyod ng administrasyon ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado ang naturang programa sa layuning patuloy na matulungan ang mga mahihirap subalit matatalinong mag-aaral dito sa Camarines Norte. Maipagpapatuloy nila ang kanilang pag-aaral ngayong taong paaralan *(school year)* 2011-2012 sa pamamagitan ng pagbibigay ng trabaho sa kanila ng pamahalaang panlalawigan.

Ngayong taon, 185 na mga mag-aaral ang nagsumite ng aplikasyon, at kumuha ng *qualifying examination* na pinangasiwaan ng *Provincial Planning and Development Office (PPDO)*.

Pinalad na makapasa sa nasabing pagsusulit ang 50 aplikante. Isinailalim sila sa isang *final screening* na kinabibilangan ng interbyu *(interview)*, pagtaya sa katayuang pinansiyal *(financial status)* ng pamilya ng estudyante, at *average grade* mula sa paaralang kanilang pinasukan.

Mula sa 50 na mga pinalad na nakapasa, 28 sa kanila ang baguhan sa programa habang ang 22 sa kanila ay ang tinatawag na *SPES babies* o mga naging *recipients* noong nakaraang taong 2010. Alinsunod sa pamantayang ipinatutupad ng *Department of Labor and Employment (DOLE)*, ang mga baguhan ay magtatrabaho sa loob ng 20 araw ng paggawa *(working days)* habang ang mga *SPES babies* ay magtatrabaho ng 30 araw *(working days)*.

Ang mga *recipients* ngayong taon ay tatanggap ng sweldong P215.00 kada araw kung saan ang 60% o P129.00 nito ay babayaran ng Pamahalaang Panlalawigan, at ang 40% o P86.00 ay sasagutin ng *Department of Labor and Employment (DOLE)* sa pamamagitan ng *Education Voucher* nito na matatanggap ng mga *SPES recipients* isang buwan pagkatapos ng kanilang trabaho.

Ang mga *SPES recipients* ay itatalaga sa iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan. Katulad ng karaniwang empleyado, magtatrabaho sila sa ilalim ng superbisyon ng hepe ng opisina kung saan sila maitatalaga. Magsisimula ang opisyal na pagtatrabaho ng mga bago at datihang *SPES recipients* sa ika-18 ng Abril.

Taun-taong ipinatutupad ng pamahalaang panlalawigan ang *SPES* bilang pagtalima at pagsuporta nito sa *Republic Act 7323* na naaprobahan noong Marso 30, 1992 na may pamagat na - *An act to help poor but deserving students pursue their education by encouraging their employment during summer and/or Christmas vacations, through incentives granted to employers, allowing them to pay only sixty per centum of their salaries or wages and the forty per centum through education vouchers to be paid by the government, prohibiting and penalizing the filing of fraudulent or fictitious claims, and for other purposes.*

Bilang karagdagan, ang mga kwalipikado lamang na mapabilang sa programa ay ang mga mag-aaral sa kolehiyo na may edad 18-25 taon; ang taunang kita ng pamilya ay hindi lalagpas sa P36,000.00; hindi pa nakapagtapos ng anumang 4-taong kurso; hindi bababa sa 82% ang *average grade* sa pinakahuling semestre ng taong paaralan sa panahon ng pag-aplay, at dapat na makapasa sa lahat ng serye ng pagpili o *screening*.

Ang pangkalahatang nangangasiwa sa implementasyon ng *SPES* ay ang *PPDO* na pinamumunuan ni Arch. Madonna A. Abular, *provincial planning and development coordinator (PPDC)*. Ipinatutupad ito sa pamamagitan ng kanyang mga *staff* kabilang si Ms. Nida Navarro-Tosoc, *Statistician III* na nakatalagang *Provincial PESO Manager*.

# 3 serye ng...

**(Mula sa pahina 5)**

mga interesado.

Pinangasiwaan naman ni *Provincial Treasurer* Lorna A. Coreses ng *Provincial Treasurer's Office (PTO)* ang pagkakaloob ng mga tseke na nagkakahalaga ng P1,000.00 bilang *mandatory financial assistance* sa 12 barangay. Namigay naman ng mga pantanim na punungkahoy ang *G.O.-EERMD* sa pamumuno ni *EERMD Chief Engr.* Leopoldo P. Badiola.

Samantala, ibinahagi naman ni *OIC Human Resource Management Officer* Magdalena B. Toledana ng *Human Resource Management Division (HRMD)* ang mga pamantayan at proseso ng pamahalaang panlalawigansa pagpili ng mga manggagawa nito. Namihsy tin dils ng mga babasahin ukol dito bilang gabay ng publiko.

Sa pangunguna ni *PSWD Officer* Lorna C. de Claro, ang *Provincial Social Welfare and Devt. Office (PSWDO)* ay nagbigay ng tulong, payo at/o serbisyo sa mga mahihirap, nakatatanda, maykapansanan, atbp. na dumulog sa kanila.

Ang *Community Af-*

**(Sundan sa pahina 7)**

# Kabuhayan Starter Kit Program magbibigay ng trabaho sa 40 katao

Ang mabawasan ang bilang ng mga indibidwal na walang trabaho ó hanapbuhay sa Camarines Norte ay isa sa mga prayoridad ng Pamahalaang Panlalawigan kaya sinisikap nitong magbalangkas ng mga programa na maaaring makatulong ó makapagbigay ng kabuhayan sa mga mamamayan nito.

Bilang pagsuporta rito, inaprobahan ng Sangguniang Panlalawigan ang Res. No. 100-2011 na may petsang Marso 22, 201 para sa aplikasyon ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte na makakuha ng *Kabuhayan Starter Kit (KSK) Program* ng *Department of Labor and Employment (DOLE)*. Nakapaloob din sa naturang resolusyon ang paglalaan ng kaukulang pondo para sa bahagi ng pamahalaang panlalawigan sa mga gastusin *(equity)* sa implementasyon ng *KSK Program*. Binigyan din nito ng kapangyarihan si Gob. Edgardo A. Tallado na lumagda sa isang *Memorandum of Agreement* sa *DOLE* gayundin ang pagtupad nito sa naturang kasunduan.

Matatandaan na una nang nag-aplay ang Pamahalaang Panlalawigan sa *DOLE* para makakuha ng *KSK Program* kung saan nakapasa naman ito sa kwalipikasyon at pamantayan ng naturang kagawaran na ibinatay sa *Department Order 36-02* at *COA Circular No. 2007-001 (Revised Guidelines in the Granting, Utilization, Accounting and Auditing of the Funds Released to Non-Governmental Organizations/People's Organizations (NGOs/POs)*.

Tinataya namang aabot sa apatnapung (40) katao ang magiging benepisyaryo ng nabanggit programa sa sandaling maipatupad ito sa lalawigan. Ang mapalad na mapipili ay bibigyan ng mga kaukulang pagsasanay at *Kabuhayan Starter Kits* upang makapagsimula ng kanikanilang napiling hanapbuhay batay sa kanikaniyang kaalaman at kakayahan. Ito ay kabibilangan ng mga kagamitan sa pagwe-*welding*, pagma-*manicure* at *pedicure*, pagtatahi, at iba pang uri ng hanapbuhay na agarang mapagkakakitaan para sila ay maging ganap na *self-employed* at maitaguyod ang kanilang sarili at kanilang pamilya.

Bilang karagdagan, ang *DOLE* Kabuhayan (DK) *Starter KITS Project* ay isang *livelihood formation strategy* na naglalayong maitaas ang pansosyo-ekonomikong kalagayan ng mga manggagawa na nabibilang sa *informal economy*, nasa mga grupo/sektor na may espesyal na interes , at mga natanggal sa trabaho *(local and overseas)* at ang kanilang pamilya.

Target na matulungan ng proyekto ang mga mahihirap at walang trabaho sa mahabang panahon lalo na ang mga nasa sumusunod na espesyal na sektor: *out-of-school youths (OSYs)*, kababaihan, magulang ng mga batang manggagawa *(child laborers)*, *Indigenous People (IPs)*, *physically/occupationally disabled*, mahihirap na tagalunsod *(urban poor)*, mga nakatatanda, magsasakang walang sariling lupain/mangingisda at iba pang manggagawa na nasa *informal economy*, at mga natanggal sa trabaho *(local and overseas)*, mga nagbalik-bayang *OFWs* at mga umaasa sa kanila, na maaaring pang-indibidwal o pang-grupuhan man.

Ang mga prayoridad ng *KSK Program* ay mga pangkabuhayang gawain na nangangailangan ng simpleng *house-to-house service-oriented skills* gaya ng: *massage, plumbing, cosmetology, electrical servicing, welding, native snack preparation, car wash, motorcycle repair, cellular repair, appliance repair, upholstery repair etc.)*.

Para sa mga natanggal na manggagawa sa ibayong-dagat, ang *training cum-production scheme* ng *National Reintegration Center for OFWs (NRCO)* ang siyang gagamitin.

Bilang karagdagan, ang *KSK Program* ng *DOLE* ay ipinatutupad sa iba't-ibang panig ng bansa sa pamamagitan ng *provincial* at *field offices* nito sa pakikipagtulungan sa mga *local government units (LGUs)*, at *Accredited Co-Partners (ACPs)*. Maaaring mapabilang sa *ACPs* ang *OFW Family Circles (OFCs)*, *Federations of OFCs*, at *OFW Returnees Association*. Ang *ACPs* ay maaaring *non-government organizations (NGOs)* gaya ng mga *church-based organizations*, *peoples' organizations (POs)* at ang akademya, *LGUs* at iba pang ahensya ng pamahalaan. **JOSEPHINE Q. BADONG/lt**

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# 3 serye ng...

(Mula sa pahina 6)

*fairs Office (CAO)* sa pangunguna ni *Community Affairs Officer IV* Purita P. Briñas ay nagpaabot ng impormasyon sa mga pamantayan at proseso ng programang pang-edukasyon. Ang *CAO* ay namahagi rin ang *CAO* ng mga babasahin ukol sa iba't-ibang serbisyong ipinagkakaloob nito kabilang dito ay ang mga *IEC materials* sa kampanya laban sa *Child Trafficking*.

Nagsagawa rin ng mga pagsasanay para sa mga kinauukulang opisyal mula sa 12 barangay gaya ng *disaster risk reduction management* na pinangasiwaan ni *Provincial Disaster Risk Reduction Management Officer* Carlos C. Galvez, at pagsasanay sa katarungang pambarangay sa pamamagitan nina *DILG Provincial Director* Robin M. Mercado at *CAO IV* Briñas.

Nagkaloob din ng mga babasahin ang iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan, at ang mga pangunahing serbisyong ibinibigay nila sa publiko ay inilahad ng mga kinauukulang hepe gaya ng mga sumusunod: *Provincial Engineer's Office (PEO)-Provincial Engineer* Cesar C. Paita; *Provincial Veterinary Office (PROVET)-Dr.* Edgardo S. Gonzales, *DVM*; *General Services Office (GSO)-Dr.* Jose Rene G. Ruidera, *DPA*; *Provincial Budget Office (PBO)-PB Officer* Herminia O. Palado; *Provincial Custodial and Security Services Division (PCSSD)-OIC Warden* Reynaldo Pajarillo; *Museum, Archives and Shrine Curation Division (MASCD)-Museum Curator* I Abel C. Icatlo, at iba pa.

Ang ikalawang serye ng *multi-services caravan* sa Jose Panganiban ay isinagawa noong Marso 18 sa *barangay hall* ng Plaridel na kabilang sa walong (8) barangay na benepisyaryo ng *caravan* gaya ng mga barangay ng Calero, Motherlode, Parang, San Rafael, South Poblacion, Sta. Rosa Norte at Sta. Rosa Sur.

Kaugnay nito, sila ay pinaglingkuran ng grupo ni Gob. Tallado. Tumanggap sila ng mga serbisyong una nang ipinagkaloob sa unang *clustered barangays*. Maliban dito, pinagkalooban din sila ng libreng mirindalan na inihanda ng *Provincial Custodial and Security Services Division (PCSSD)*.

Idinaos naman noong Marso 25 sa Brgy. Bagumbayan ang ikatlong serye ng *caravan* para sa mga residente ng mga barangay ng Osmeña, Luklukan Norte, Luklukan Sur at North Poblacion. Sila rin ay pinagkalooban ng lahat na mga serbisyong nabanggit sa unahan. ***LT IBASCO***

# Aprub ka Egay...

(Mula sa pahina 8)

barangay, at ang mga serbisyo, tungkulin at responsibilidad ng mga kinauukulang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan. Lahat naman ng mga *department heads* at *division chiefs* sa ilalim ng tanggapan ng gobernador ay nagsidalo.

Hindi nakadalo sa *project* launching si Gob. Tallado na noo'y nasa isang opisyal na byahe gayunman ipinaabot nito sa pamamagitan ni Bise Gobernador Jonah G. Pimentel ang kayang mensahe na patuloy ang gobernador sa kaniyang pagbibigay sa publiko ng mga serbisyo at pribilehiyo na angkop at karapat-dapat tanggapin ng mga mamamayan. Nanawagan din siya na makipagtulungan ang mga ito para matiyak ang maayos at malawakang pagpapatupad ng mga programa, proyekto at aktibidad ng pamahalaang panlalawigan na sila rin ang makikinabang.

Samantala, ang naturang programa ay sinimulan sa pamamagitan ng isang panalangin na pinamunuan ni Bb. Annabel Defeo, Hepe ng ***Provincial Assessor's Office***. Sinundan ito ng pag-awit sa Himno Camarines Norte sa pangunguna ni Gng. Theresa Lamadrid ng *General Services Office; Welcome Remarks* ni *Provincial Director* Robin Mercado ng *Department of Interior & Local Government* (DILG) *Provincial Office* at pagkatapos ay *project presentation* ni *Atty.* Mata, Jr. ng *Provincial Legal Office*.

Natapos ang programa sa pamamagitan ng pangwakas na pananalita mula kay *Dr. Arnulfo Salagoste, Provincial Health Officer*.

Sa ilalim ng *caravan*, maaaring ipagkaloob sa mga barangay ang mga sumusunod na serbisyo: 1) Serbisyong Pangkalusugan *(Health Services)* – libreng tsek-ap, gamot at bitamina, pagsuri sa tipo ng dugo, pagtingin ng *blood pressure*, at *blood letting*, libreng tuli na isasagawa sa bakasyon; 2) Kalusugang Pampubliko *(Public Health)* – libreng bakuna laban sa rabis, pagbibigay ng impormasyon para makaiwas sa rabis, at pagbawas sa bilang ng mga asong-gala, pamamahagi ng baboy; 3) Serbisyong-Pang-agrikultural - pamamahagi ng mga pantanim na butong-gulay at pantanim na punong-prutas, pagdaraos ng *lecture-demo* ukol sa mga resipeng/lutuing mula sa isda at pagbibigay ng kopya ng mga *fish recipes*, pamamahagi ng semilya ng tilapya, tulong-teknikal para sa produksyong pang-agrikultural at pangisdaan, at pagpapaabot ng mga impormasyon ukol sa mga makabago at napapanahong *agricultural technologies and practices* gayundin ang *animal production technologies*; 4) Programa para sa mga Kabataan *(Youth Programs)* – Tulong pangkolehiyo *(college education assistance)* sa pamamagitan ng *Provincial Government Scholarship Program (PGSP)*, at *skills training* sa mga *out-of-school youths (OSYs)*; 5) Pangkalikasan *(Environmental)* - pamamahagi ng mga pantanim na punongkahoy at mga adbokasiya *(advocacy)* ukol sa pa-ngangasiwa at pangangalaga sa kalikasan kasama gayundin ang mga rekomendasyon para sa ligtas na paraan ng pagmimina; 6) *Real Property Documentation* – pagisyu ng libreng *updated tax declarations* at *assessment rolls of barangays*; 7) Tulong sa mga Barangay *(Mandatory Cash Assistance to Barangays)* na nagkakahalaga ng P1,000.00 bawat barangay, tulong-teknikal sa pagbalangkas ng *barangay development planning and budgeting* at tulong-teknikal sa pagpapatupad ng Katarungang Pambarangay at libreng payong-ligal; 8) *Information and Education Campaign* – pagdaraos ng *seminar* para sa Katarungang Pambarangay at *Disaster Risk Reduction and Management*, mga batas na umiiral para maprotektahan ang mga kabataan at kababaihan, pamamahagi ng mga *information and advocacy materials* ukol sa mga programa ng pamahalaan, at pagpapakalat ng mga impormasyon sa iba't-ibang serbisyo ng pamahalaang panlalawigan gaya ng *job facilitation* sa pamamagitan ng pagdaraos ng mga *jobs fair, Special Program for the Employment of Students (SPES), National Bureau of Investigation (NBI) Clearancing*, tulong sa naabusong mga kababaehan at kabataan sa pamamagitan ng *Halfway Home*, at iba pa.

Maliban dito, ang Unang Ginang Josie B. Tallado bilang suporta sa kanyang kabiyak na gobernador, ay mamahagi ng *medical equipment* tulad ng *pang-BP, weighing scale, wheelchairs*, at tsinelas, ganundin ng libreng gupit, *hair dye, hot oil*, at *massage* at/o *physical therapy* .

Ang magiging pinakatampok na aktibidad sa nakatakdang mga serye ng *caravan* ay ang gagawing pakikipagdayalogo ni Gob. Tallado sa mga opisyal ng barangay. Sa pamamagitan nito, aalamin ng gobernador ang mga pinakapangunahing serbisyo, programa at proyekto na kailangang-kailangan ng mga taga-barangay. Layunin din nito na matukoy ang mga problema ng mga barangay at kung paano sila matutulungan ng pamahalaang panlalawigan. ***LT IBASCO***

# 4 na PGSP grantees...

(Mula sa pahina 8)

sarili at pananalig sa Diyos ang magiging sandata niya sa patuloy na pag-abot sa kanyang mga pangarap sa buhay.

Sinabi naman ni Tan na ang kahirapan ay hindi hadlang sa taong may paniniwala at takot sa Diyos. Binigyang-diin niya na sa taong matiyaga, may ambisyon at determinasyong makaahon sa kahirapan sa mabuti at marangal na paraan ay isang mabuting huwaran para sa iba.

Ipinahayag ni Sison na ang nararanasan nilang kahirapan ang pinagkukunan niya ng lakas upang patuloy na lumaban at magpunyagi upang magtagumpay sa buhay. Ito ang nagsilbing inspirasyon niya para patuloy na mangarap at maniwala na habang may buhay ay may pag-asa ang sinuman na maabot ang kanyang ambisyon.

Ibinahagi naman ni Bertillo na naniniwala siya na ang kahirapan ay hindi sagabal para makamit ang ating mga mithiin at ambisyon sa buhay. Sinabi nito na hindi lamang materyal na bagay ang mahalaga sa isang indibidwal kundi ang mabubuti at positibong pag-uugali man nito. Ang tao ani-yang masipag, mapagpakumbaba, mapagmahal sa kapwa at sa Diyos ay maaaring mabuhay nang maayos at marangal.

Bilang karagdagan, si Mapusao ay nagtapos ng elementarya at hayskul mula sa Daguit *Elem. School* at Daguit *National High School* bilang *salutatorian* at *valedictorian*, ayon sa pagkakasunod.

Nagtapos naman ng elementarya si Tan sa Gabon *Elem. School* bilang *valedictorian*, at *high school* bilang *salutatorian* ng *Saint Francis Parochial School (SFPS)*.

Si Sison ay nagtapos ng elementarya sa *Daet Elementary School (DES)* sa ilalim ng *SPED Section*, at nagtapos ng hayskul mula sa *Camarines Norte National High School (CNNHS)* bilang *1st honorable mention*.

Natapos ni Bertillo ang elementarya sa *DES*, at nagtapos naman ng hayskul sa *CNSC Abaño Laboratory High School*.

Samantala, patuloy na ipinatutupad ng pamahalaang panlalawigan ang PGSP upang makapag-aral sa kolehiyo ang mga mahihirap ngunit matatalinong kabataan na tubong Camarines Norte.

Ito ay isang pribilehiyo na may kaakibat ding responsibilidad - sumunod sa mga patakaran at alituntunin ng PGSP (ngayon ay *Provincial Government College Education Assistance Program o PGCEAP)*, at magpunyagi sa pag-aaral para maging produktibong mamamayan na makikibahagi sa pagsusulong ng kaunlaran ng lalawigan, at ng buong bansa sa hinaharap. ***LT IBASCO***

# Sec. Soliman ...

(Mula sa pahina 4)

*grams and Logistics of LGUs* sa *Pantawid Pamilyang Pilipino Program*, at *DSWD Programs and Projects in Camarines Norte*.

Ang huling bahagi ng biyahe ni *Sec.* Soliman dito sa Camarines Norte ay ang kanyang pagbisita sa *Core Shelter Assistance Project (CSAP)* sa Brgy. San Antonio, Labo. Ang Kalihim ay nakipag-usap din sa mga benepisyaryo ng *CSAP* sa naturang lugar. ***LT IBASCO***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng
Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

TAON 1, BLG. 11 DAET, CAMARINES NORTE MARSO, 2011
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

# 'Aprub ka Egay' Multi-Services Caravan inilunsad

Layunin ng administrasyon ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado na mailapit ang Kapitolyo sa mga mamamayan, at maipadama sa publiko ang kanyang sinseridad na makapaglingkod. Dahil dito, binuo ang 'Aprub ka Egay! Serbisyo Publikong Tunay' *Provincial Government Multi-Services Caravan*. Isasagawa ito sa pamamagitan ng mga *community assemblies* na isa sa mga mandato ng mga pamahalaang lokal na nakapaloob sa *R.A. 7160 (Local Government Code of 1991)*.

Ang naturang proyekto ay pormal na inilunsad noong Marso 7, 2011 sa pamamagitan ng angkop na programang isinagawa sa *Camarines Norte Sports, Cultural and Arts Center* (CNSCAC). Dinaluhan ito ng mga punong barangay mula sa 282 barangay ng 12 bayan ng lalawigan kabilang na ang kani-kanilang barangay kagawad gayundin ang mga barangay tanod.

Sa idinaos na programa, pinangunahan ni *Provincial Legal Officer Atty.* Sim O. Mata, Jr. bilang ***project director*** nito, ang *project presentation* kung saan inilahad niya ang proseso kung paano ipatutupad ang *caravan*, ang mga serbisyong ipagkakaloob sa mga taga-

(Sundan sa pahina 7)











# 4 PGSP grantees nagtapos na cum laude sa CNSC

Magtatapos sa Abril 8, 2011 bilang mga *cum laude* ng *Camarines Norte State College (CNSC)* ang apat (4) sa mga iskolar ng *Provincial Government Scholarship Program (PGSP)*.

Ito ay sina Jinky D. Mapusao, Rosabel A. Tan at Michelle Ann B. Sison na pawang kumuha ng kursong *Bachelor of Science in Accountancy (BSA)*, at si Samuel A. Bertillo na kumuha ng kursong *Bachelor of Science in Civil Engineering (BSCE)*. Pinatunayan nila na naging karapat-dapat silang taguriang iskolar ng *PGSP*.

Bilang pagkilala sa kanilang mga natatanging naabot, sila ay pagkakalooban ng *certificate of commendation* ng Pamahalaang Panlalawigan. Ang gawad-pagkilala ay ipagkakaloob sa kanila ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado. Isasagawa ito sa isang simpleng seremonya pagkatapos magbigay ng mensahe ang gobernador bilang panauhing pandangal sa okasyon ng pagtatapos ng mga mag-aaral sa *CNSC* ngayong taon.

Sina Mapusao, Tan, Sison at Bertillo na pawang nagmula sa mahihirap na pamilya ay nagpunyagi at nagsipag sa pag-aaral dahil naniniwala silang ang edukasyon ang susi upang mabuksan ang pinto ng magandang kinabukasan para sa kanila.

Samantala, naniniwala si Mapusao na kaakibat ng edukasyon ang marangal at maayos na buhay. Sinabi rin niya na ang determinasyon, pagsisikap, tiwala sa

(Sundan sa pahina 7)



TAN, ROSABEL A.



SISON, MICHELLE B.



MAPUSAO, JINKY D.



BERTILLO, SAMUEL A.

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com